# カセットコンロの爆発事故に注意！

# Mag-ingat sa mga pagsabog ng portable gas stove

<u>Halimbawa ng kaso:</u>


Nagkaroon ng isang aksidente kung saan sumabog ang “gas cylinder” ng “portable gas stove” na nakapatong sa “gas range” nang pinidot ang lutuan para sa pag-iihaw.

**Ang mga halimbawang larawan sa ibaba ay lubhang mapanganib.**

Kung hindi tama ang paggamit ng “portable gas stove”, ang “gas cylinder” ay mag-iinit na magiging resulta ng pagsabog at pagliyab. Mangyaring mag-ingat at gamitin ang “portable gas stove” nang ligtas.

● Huwag gumamit ng mga malalaking kaldero at kawali

●Huwag ilagay ang “gas cylinder” sa mga maiinit na lugar (sa loob ng sasakyan sa tag-init, malapit sa kalan, atbp.)



● Huwag gamitin sa ibang bagay maliban sa pagluluto.

●Huwag gumamit ng “fish grill” na may asbestos o ceramic.

●Huwag gumamit ng dalawa o higit pang “portable gas stove” ng magkakatabi.

●Huwag ilagay sa ibabaw ng “gas range”

◇Mangyaring itapon ang “gas cylinder” pagkatapos maubos ang lahat ng laman nito, at sundin ang kautusan ng lungsod ng Toyohashi para sa pagtatapon nito.



Pagkatapos maubos ang lahat ng laman nito, mangyaring itapon ang “gas cylinder” bilang “Mapanganib na Basura” (危険ごみ *kiken gomi*)

Hindi kailangang lagyan ng butas ang mga “gas cylinder”

Kapag ang “gas cylinder” ay itinapon na may natitira pang laman, ito ay maaaring tumagas sa loob ng trak ng basura o sa pasilidad ng tapunan ng basura at magiging sanhi ng sunog at pagkapinsala sa mga tao.

Para sa iba pang mga katanungan:
Toyohashi Fire Station Headquarters Fire Prevention Division (51-3121), Central Fire Department (中消防署 *naka shobosho*) (52-0119), Southern Fire Department (南消防署 *minami shobosho*) (46-0119)



ヒケッシー